MotoLyrics
MotoLyrics.com
Biggest, regularly updated and free lyrics database

# Dukhang Pantas
# "Huling Awit"

Visit "Huling Awit" on MotoLyrics.com

Verse1:

Ganun nalang ba kadali, kalilimutan ang lahat, ikaw na ang nanakit ikaw pa ang manunumbat, lahat ng bagay isinuko ko para lang sayo, naging martir at sinunod ko ang bawat utos mo. nagpakatanga ako sayo at tiniis ko ang sakit, nagpaalipin si romantico eto pa ang kapalit nasayang ang pagmamahal nasayang ang panahon kot oras pag-ibig koy naglaho dahil sa tinik ng rosas na syang sakin ang dating ng pighati at pagdurusa, simula ng ibigin kita hindi ko na nakuha pang tumawa at iyan ang totoo itinaga ko sa bato, ito na ang huling gawa ko ng kanta para sayo, dahil hinamon ng pagibig ang puso kong sugatan, luha ang tanging nakamit buhat sa dati kong kaibigan na minahal ko ng lubos ngunit ako'y sinaktan niya thanks 4 all this is my last song to you my senyorita

Chorus...

Pipilitin kong kalimutan ang katulad mo
At ito ang maririnig sa huling awit ko sayo
Sa piling mo aking mahal ay dahang dahan lalayo
Kaya't sana'y pakinggan mo ang huling awit... para sayo

Verse2:

Ito na ang huling awit ko para sayo, gusto kong sabihin na sawang sawa na ako sa kakaasa sa pagibig mong di ko makuha, pwede mo namang sabihin na di mo ko gusto db, hindi ko alam kung bakit, at ano ang kulang sakin, bakit ba kahit attention pinagkait sa akin, kaya puno ng galit ang nadarama, bakit pa nabihag ng tulad mong puro paasa, hindi mo ko kayang mahalin matatanggap ko yan, pero alam ko na alam mong ako ay nasaktan, ako man nag-abang sa pagibig mo ay nahibang, ngunit hindi ko na hahayaan na ako mabuwang, ng dahil lang sa isang babae na ang ugali huwad dinedma mo ko dahil wala sa akin ang iyong hinahangad, malinaw na sa akin ang lahat at suko na ako dahil hindi ko na kayang tumagal sayong laro.

Chorus...

Pipilitin kong kalimutan ang katulad mo
At ito ang maririnig sa huling awit ko sayo
Sa piling mo aking mahal ay dahang dahan lalayo
Kaya't sana'y pakinggan mo ang huling awit... para sayo

Verse3:

Manhid ka ba para hindi maramdaman ang mga ginagawa ko, kahit hindi ko na kaya pilit parin na nagsakripisyo, ngayon isinuko ko na ang laban at ako'y pagod na, tapos na ang pagamamahal na sa iyo nadarama magpapaalam na ako, dahil sakit ka sa damdamin, pinuputol ko na ang lahat ng nag-uugnay sa atin, magmula ngayon wala ng tanga susunod sayo, wala na ring makikiusap na sana'y mahalin mo, hoy manhid ang ginawa mo sa akin ay hindi makatarungan, ito na ang takdang oras para sa huling hapunan, ang pagibig ko sayo na sana noon ko pa sinuko, hindi na sana nahihirapan ang nangungulilang puso, na naghahanap kalingan sana'y di na magtagal, makita ko na ang mundo ng puno ng pagamamahal, upang di na masaktan, at tuluyan ng lumigaya, seniorita ako'y magpapaaam na

Visit Dukhang Pantas page on MotoLyrics.com, to get more lyrics and videos.

MotoLyrics.com | Lyrics, music videos, artist biographies, releases and more.